


# Mga Impormasyon Tungkol sa Darating na Mga Bagong Benepisyo sa Medicare

## 2003 Batas Hinggil Sa Modernisasyon Ng Medicare

**ANG MEDICARE** ay isang mahalagang programa para sa pangangalaga ng kalusugan para sa mga taong 65 taong gulang at mas matanda, mga taong may partikular na kapansanan at mga taong Malapit nang Mamatay sa Sakit sa Bato.

Kamakailan, ang Pangulong Bush at ang Kongreso ay nagtulungan upang pagtibayin ang isang bagong batas para mabigyan ang mga taong may Medicare ng mas maraming pagpipilian sa pagpapaseguro para sa pangangalaga ng kalusugan at ng mga mas mabuting benepisyo para sa pangangalaga ng kalusugan.

Pinananatili at pinagtitibay nitong bagong batas ang kasalukuyang Programa ng Medicare, dinaragdagan ng mahalagang bagong mga benepisyo para sa gamot na inireseta ng doktor at mga benepisyong nakapipigil sa pagkakasakit, at binibigyan ng karagdagang tulong ang mga taong mababa ang kinikita. Makakapili pa rin kayo ng pupuntahan ninyong mga doktor, ospital at botika.

Kung nasisiyahan kayo sa inyong Medicare, puwede ninyo itong ipagpatuloy. O, puwede ninyong piliing magpalista sa mga bagong opsiyon na inilalarawan sa ibaba. Mananatili pa rin kayo sa Programa ng Medicare kahit ano man ang piliin ninyo.

## Magsisimula sa Taong 2004 Ang Discount Cards Para Sa Gamot

**Makukuha sa taong 2004 ang Discount Cards Para Sa Gamot Na Inaprobahan Ng Medicare** upang tulungan kayong makapagtipid sa mga gamot na inireseta ng doktor. Makikipagkontrata ang Medicare sa mga pribadong kompanya upang makapaghandog ng bagong "discount cards" para sa gamot hanggang sa magsimula sa taong 2006 ang isang benepisyo ng Medicare para sa gamot na iniresta ng doktor. Ang isang "discount card" na inaprobahan ng Medicare ay makakatulong sa inyong makapagtipid ng 10-25% sa mga gamot na inireseta ng doktor.

Puwede kayong magpalista nang kasing aga ng Mayo 2004 hanggang 31 ng Disyembre, 2005. Nasa inyo kung gusto ninyong magpalista. Padadalhan kayo ng Medicare sa lalong madaling panahon ng mga impormasyon na may mga detalye tungkol sa kung paano magpalista.

**Makakakuha ng malaking tulong ang mga taong labis na nangangailangan.** Kung hindi humihigit sa $12,569 para sa mga taong walang-asawa ang inyong kinita, o hindi humihigit sa $16,862 para sa mag-asawa, baka sakaling puwede kayong makatanggap ng $600 credit sa inyong "discount card" para makatulong sa inyong pambayad sa mga gamot na inireseta ng doktor. Nagbabago taun-taon itong mga katakdaan sa kinikita. Maaring iba ang mga patakaran kung kayo ay nakatira sa Puerto Rico o sa isang teritoryo ng Estados Unidos. (Hindi kayo puwedeng makatanggap ng $600 credit kung sakop na sa Medicaid, TRICARE for Life o group health plan ng pinagtatrabahuhan ang bayad sa inyong gamot.)

**Bago rin sa taong 2004, ang Medicare Advantage** ang bagong pangalan ng Medicare+Choice plans. Nagbago ang mga patakaran at kabayaran ng Medicare Advantage upang bigyan kayo ng mas maraming mapagpipilian sa pangkalusugang plano at ng mas mahusay na mga benepisyo. Maaaring nagbago na ang mga mapagpipiliang plano sa inyong lugar. Tawagan ang **1-800-MEDICARE** (1-800-633-4227) para sa karagdagang impormasyon.

## Magsisimula Sa taong 2005 Ang Mga Bago At Mas Mahusay Na Mga Benepisyong Nakapipigil Sa Pagkakasakit

Isasakop ang **Mga Bagong Benepisyong Nakapipigil Sa Pagkakasakit** kabilang ang:

- Minsan lamang na pasimulang pag-iksamen ng katawan ng taong walang-sakit sa loob ng 6 na buwan sa araw na kayo ay unang nagpalista sa Medicare Part B.
- Pagsusuri sa dugo para sa maagang pagkakatuklas ng mga sakit sa puso.
- Pagsusuri sa Diabetes para sa mga taong may Medicare na nasasapanganib na magkasakit ng diabetes.

Dagdag itong mga benepisyo sa mga serbisyong nakapipigil sa pagkakasakit na sakop na ng Medicare, tulad ng pagsusuri sa cancer, mga pagsusukat ng "bone mass" at pagbabakuna.




# Magsisimula Sa taong 2006 Ang Mga Plan Para Sa Mga Gamot Na Inireseta Ng Doktor

Idaragdag sa Medicare sa taong 2006 ang **Mga Benepisyong Para Sa Gamot Na Inireseta Ng Doktor**. Ang lahat ng mga taong may Medicare ay makakapagpalista sa mga plano na sinasakop ang mga gamot na inireseta ng doktor. Maaaring nagkakaiba ang mga pangkalusugang plano, pero sa kalahatan, ganito ang mangyayari:

- Pipili kayo ng pangkalusugang plano para sa gamot na inireseta ng doktor at magbabayad ng premium na mga $35 para sa isang buwan.
- Babayaran ninyo ang unang $250 (na tinatawag na "deductible").
- Babayaran ngayon ng Medicare ang 75% ng mga halagang sa pagitan ng $250 at $2,2150 na ginastos para sa gamot. Ang babayaran lamang ninyo ay 25% nito.
- Babayaran ninyo ang 100% ng mga halaga ng gamot na higit sa $2,250 hanggang umabot kayo sa $3,600 na kayo ang nagbabayad.
- Babayaran ng Medicare ang mga 95% ng mga ginastos kapag nagkagasta na kayo ng $3,600.



Maaaring may mga karagdagang opsiyon ang mga ilang pangkalusugang plano para sa gamot na inireseta ng doktor para tulungan kayong bayaran ang mga halagang kayo ang magbabayad.

**Makakakuha Ng Karagdagang Tulong** ang mga taong maliit lamang ang kinikita at kakaunti lamang ang mga pangkabuhayan. Lalo na ang mga taong may Medicare na labis na nangangailangan, na ang kinikita ay mas mababa sa itinakdang halaga, ay hindi magbabayad ng mga premium o deductible para sa mga gamot na inireseta ng doktor. Itatakda sa 2005 kung magkano ang mga itinakdang halaga para sa kinikita. Kung maging karapat-dapat kayo, magbabayad lamang kayo ng isang maliit na "co-payment" para sa bawat gamot na inireseta ng doktor na kailangan ninyo.

Makakakuha ng tulong sa pagbayad ng mga "premium" at "deductible" ang mga ibang tao na mababa lamang ang kinikita at kakaunti lamang ang mga pangkabuhayan. Tatakdaan kung magkano ang babayaran nila para sa bawat gamot na inireseta ng doktor.

Pararamihin ang mga mapagpipilian sa **Medicare Advantage** plan upang isali ang mga pampook na Preferred Provider Organization plans (PPOs). Makakatulong ang pampook na PPOs para maraming mapagpipiliang pagpapaseguro sa Medicare ang mas maraming taong may Medicare, kahit saan man sila nakatira. Matutulungan kayo ng PPOs na makapagtipid ng pera sa pamamagitan ng pagpili ng mga doktor at provider sa "preferred" list ng plan, na karaniwang hindi ninyo kailangang kumuha ng referral. Kabilang ang PPOs sa mga higit na laganap at popular na mga plan sa kasalukuyan para sa mga Amerikanong nagtatrabaho.

Kusang-loob itong lahat ng mga opsiyon. Puwede ninyong piliing manatili sa pinagkaugaliang Medicare plan na ginagamit ninyo sa kasalukuyan.

## Mga Katanungan Tungkol Sa Medicare?

Para sa pinakahuling impormasyon tungkol sa Medicare, tingnan ang **www.medicare.gov** o tawagan ang **1-800-MEDICARE** (1-800-633-4227). Dapat tawagan ng mga gumagamit ng TTY ang 1-877-486-2048.

CMS
CENTERS for MEDICARE & MEDICAID SERVICES

Publication No.
CMS-11054-Tagalog
February 17, 2004